
***Para mapigilan ang pagdami ng amag:***

- Ayusin ang mga tumutulong tubig para hindi amagin.
- Linisin ang anumang amag na nakikita o naaamoy gamit ang detergent at tubig.



***Bukod dito:***

- Siguraduhin na pumapasok ang sariwang hangin kapag gumagamit ng mga produktong panglinis at mga pamatay-insekto. Para gawin ito, buksan ang mga bintana o paandarin ang air conditioner. Siguraduhin na ang air conditioner ay pinapapasok ang hangin mula sa labas.
- Huwag manigarilyo lalo na kung nasa loob ng bahay.
- Kung maka-amoy ng gas, huwag magsindi ng kahit anong ningas o siklab at iwan ang trailer kaagad.
- Kumonsulta sa isang doktor o bihasa sa medikal kung may iba-pang nararamdaman sa kalusugan.

## Kailangan mong magpasya tungkol sa mobile home na inaalok sa iyo.

Walang pamantayang federal para sa formaldehyde na nasa hangin sa loob ng bahay. Ang mga bahay sa United States ay karaniwang may level na 10 hanggang 50 ppb.

***Para sa mga mobile home na may mataas na level (50-80 ppb):***

Ang level ng formaldehyde sa mobile home na ito ay mas mataas sa mga karaniwang nakikita sa mga kabahayan ngunit mababa sa level na karaniwang sanhi ng matinding epekto sa kasulugan ng mga sensitibong tao. May mga benepisyo sa pagpapababa ng level. Habang ikaw ay nasa loob ng mobile phone, paki-sunod ang mga hakbang na nakalista sa flyer na ito para mapabuti ang kalidad ng hangin.

***Para sa mga mobile home na may katamtamang level (10-50 ppb):***

Ang level ng formaldehyde sa iyong mobile home ay wala sa pinakamataas na hanay pero may mga benepisyo pa rin sa pagpapababa ng level. Habang nasa mobile home ka, paki-sunod ang mga hakbang na nakalista sa flyer na ito para mapabuti ang kalidad ng hangin.

***Para sa mga mobile home na may mababang level (mababa sa 10 ppb):***

Kahit na mababa ang level ng formaldehyde sa iyong mobile home, mapabubuti mo pa rin ang kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na nakalista sa flyer na ito .

## Saan ako makahihingi ng tulong?

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin sa loob ng bahay at sa iyong kalusugan o tungkol sa pag-aaral ng CDC tungkol sa formaldehyde sa mga trailer at mga mobile home, tumawag sa CDC toll-free sa **1-800-CDC-INFO**.

***Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong mobile home, tumawag sa FEMA sa 1-866-562-2381 (TTY 1-800-462-7585).***

08_118152

***Kalusugang Pangkapaligiran***

# Ang Dapat Mong Malaman tungkol sa Formaldehyde sa mga Mobile Home

## Layon

Ang flyer na ito ay nagbibigay-alam tungkol sa pagsusuri sa hangin sa loob ng mga mobile home na galing sa Federal Emergency Management Agency (FEMA). Dahil nag-alok ang FEMA sa iyo ng mobile home para maging pansamantalang pabahay, baka gusto mong malaman ang tungkol sa mga pagsusuring ito. Ang flyer na ito ay nagbibigay-alam din kung paano mapanatiling malusog ang hangin sa loob ng iyong bahay para manatili kayong mabuti habang nakatira sa mobile home.

## Karanasan

Noong Disyembre 2007 at Enero 2008, sinubok ng Center for Disease Control and Prevention (CDC) ang mga trailer at mga mobile home na galing sa FEMA sa Louisiana at Mississippi. May nakitang kapaki-pakinabang na impormasyon ang CDC tungkol sa mga residenteng nakatira sa mga trailer at mobile home mula sa dalawang estado. Batay sa mga natuklasan mula sa pag-aaral, sinusuri na ng FEMA ang bawat mobile home para sa formaldehyde bago gamitin ang mga ito na pansamantalang pabahay. **Ang mga napag-alaman ng CDC ay para lamang sa Louisiana at Mississippi, kung saan sinubok nila ang mga trailer at mga mobile home na galling sa FEMA.**

Ang mobile home na inaalok sa iyo ay nasuri na para sa level ng formaldehyde, at sinigurado ng dalubhasa na ang mga resulta ay tama.

## Ano ang formaldehyde?

Ang formaldehyde ay isang gas na walang kulay at matapang ang amoy. Ito ay ginagamit sa paggawa ng mga materyales sa paggawa at mga produktong pambahay. Ang formaldehyde ay ginagamit din sa paggawa ng pader, kabinet at kasangkapan sa mga trailer at mga mobile home.

***Ano ang level ng formaldehyde na nasukat sa mobile home na inalok ng FEMA sa iyo?***

Ang level na nasukat sa iyong mobile home noong _________ ay _______ ppb.

## Ano ang mangyayari kapag sumobra ang nalanghap na formaldehyde ng isang tao?

Ang formaldehyde ay maaaring magdulot ng pagkakasakit mo kung nasobrahan ang pagkalanghap mo nito. Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng sintomas gaya ng :

- Masakit na lalamunan
- Ubo
- Mga matang nangangati
- Pagdurugo ng ilong

Ginagamit ng mga siyentipiko ang salitang "nabilad" o "pagkakabilad" para pag-usapan kung paano nakakaharap ng mga tao ang materyal na gaya ng formaldehyde. Mas sensitibo ang ilang tao kumpara sa iba, kaya't ang pagkakabilad na wala naman sa iba ay maaaring magdulot ng pagkakasakit o pagkabalisa sa iba. Ilan sa mga sintomas na ito ay nangyayari rin sa iba pang mga sakit sa upper respiratory, gaya ng sipon/flu at mga kapanahunang allergy, kaya't kung may mga sintomas ka nito, nirerekomenda namin na pumunta sa doktor o ibang medikal na propesyonal.

Sa pangkalahatan –



- Kung mas sensitibo ka sa formaldehyde at mabilad ka dito nang mas matagal, mas may posibilidad na magkasintomas ka.
- Kung mas kaunti ang pagkabilad mo sa formaldehyde mas maliit ang posibilidad na magkasintomas ka, lalo na kung hind ka sensitibo sa formaldehyde.

Kilalang nagiging sanhi ng cancer ang formaldehyde. Ang pinaka-nakababahalang cancer ay ang cancer sa ilong at lalamunan. Hindi pa naipakita ng pagsusuring siyentipiko na ang tiyak na level ng pagkabilad sa formaldehyde ay nagiging sanhi ng cancer. Ngunit, mas mataas ang level at mas matagal ang pagkabilad, mas malaki ang pagkakataong magka-cancer. Maaaring mapataas din ng pagkabilad sa formaldehyde ang pagkakataong magka-cancer kahit sa mga level na masyadong mababa para maging sanhi ng sintomas.

## Ano ang level na nasukat sa mobile home na inalok sa akin ng FEMA?

Ang level na nasukat sa iyong mobile home ang nagsasabi sa amin ng bilang ng formaldehyde na naroon ng ginawa ng FEMA ang pagsusuri. Matutulungan ka nitong magpasya kung anong uri ng panandaliang pabahay ang pinakamabuti sa iyong pamilya. Hindi sinasabi sa amin ng level na ito kung gaano karaming formaldehyde ang maaaring nalalanghap mo habang nakatira sa iyong mobile home. Kapag bago ang mobile home o tuwing mainit ang panahon, maaaring mas mataas ang level. Dahil walang mga batas o mga regulasyon para sa formaldehyde, walang isang numero na magsasabi sa atin kung ang level ng mobile home mo ay mataas o mababa. Tingnan ang chart sa ibaba para matulungan ka na maunawaan ang level sa iyong mobile home.



| | |
|---|---|
| 1000 | Kung ang reading mo ay nasa **mas mataas na range,** kailangan mong magbigay ng mataas na priority sa pagpapababa ng pagkabilad mo sa formaldehyde . Lalong mahalaga ito kung ang mga miyembro ng pamilya ay matatanda, bata o may masamang kalagayan ng kalusugan gaya ng hika. |
| 100 | Kung ang reading mo ay nasa **panggitnang range**, ang panganib mo ng iritasyon sa pagkabilad sa formaldehyde ay mas mababa, ngunit mahalaga pa rin na gumawa ng hakbang para mabawasan ang pagkabilad mo sa formaldehyde . Lalong mahalaga ito kung ang mga miyembro ng pamilya ay matatanda, bata o may masamang kalagayan ng kalusugan gaya ng hika. |
| 10 | Kung ang reading mo ay nasa **mababang range**, ang mga level na ito ay makikita sa mga kalye ng maraming lunsod at sa mga gusali . Ang panganib ng problemang pangkalusugan sa mga level na ito ay mababa. |
| 1 | |

Tanda: Ang mga level ay ipinapahiwatig sa parts per billion (ppb). Para gawing parts per million (ppm), hatiin sa1000.

Bukod sa level ng formaldehyde, dapat mo ring isipin ang ibang mga salik.

- **Edad**. Ang pagkabilad sa formaldehyde ay mahalagang pag-aalala para sa mga bata at matatanda. Ang mga bata ay maaaring madaling maging sensitibo sa formaldehyde kaya't mas malaki ang posibilidad na magkasakit sila. Ang mga matatatanda naman ay mas hindi makayanan ang matagal na pagkabilad sa formaldehyde. Kung may mga bata o matatanda sa iyong mobile home, mahalaga na mapababa ang pagkabilad nila sa formaldehyde.
- **Kalagayang Pangkalusugan**. Nakakairita ng daanan n gating hangin ang formaldehyde. Ang mga taong may hika, bronchitis, o iba pang kondisyon sa paghinga ay mas sensitibo sa formaldehyde . Ang mga taong may iba pang mga matagal ng sakit na hindi gumagaling ay maaaring mas hindi makayanan ang pagkabilad sa formaldehyde . Ang mga buntis at kanilang hindi pa ipinapanganak na sanggol ay maaring hindi nasa mataas na panganib, ngunit dapat mag-ingat sa pagkabilad. Kung sinuman sa mobile home mo ang may ganitong kondisyon, mahalaga na mapababa ang kanilang pagkabilad sa formaldehyde.
- **Paano ginagamit ang mobile home**. Ang ibang tao ay nasa loob ng kanilang mobile home nang mahabang oras sa isang araw. Ang iba naman ay nasa bahay lang nila ng sandali. Mas matagal ang pamamalagi mo sa iyong bahay, mas mahalaga na mapababa mo ang iyong pagkabilad sa formaldehyde

## Ano ang ibig sabihin nito para sa aking pamilya?

Ang mga mobile home na galing sa FEMA ay para lamang sa pansamantalang pabahay tuwing panahon ng kagipitan. Ang mga nakatira sa mga mobile home ay dapat subukang lumipat sa permanenteng bahay. Ang mga pamilyang nakatira sa mga mobile home na may kasamang mga bata, matatanda, o may mga sakit gaya ng hika ay dapat maghanap ng permanenteng malilipatan sa lalong madaling panahon.

## Paano ko mapabubuti ang kalidad ng hangin sa aking mobile home?

***Para protektahan ang iyong sarili sa pagkabilad sa formaldehyde:***

- Parating buksan ang mga bintana para pumasok ang sariwang hangin.
- Subukan na mapanatili ang temperatura sa loob ng mga mobile home sa pinakamababang setting na maginhawa.
- Paandarin ang air conditioner o dehumidifier para kontrolin ang amag.
- Lumabas din upang makalanghap ng sariwang hangin. Ito ay lalong mahalaga sa mga pamilyang may kasamang bata, matatanda, o miyembrong may mga matagal ng sakit na hindi gumagaling gaya ng hika.